## Mga Paratang ng Katiwalian na Kinasasangkutan ng mga Anak ng Politiko
## 2025-056-FB-MR

Noong Abril 2025, nag-post ang isang Facebook user ng dalawang image na may caption na nambibintang ng katiwalian sa isang Pilipinong politiko. Ipinakikita sa isang larawan ang pamilya ng politiko, na may kasamang mga bata. Sa kabilang larawan naman, may isang hindi matukoy na eroplanong lumilipad sa ibabaw ng anyong tubig. Sa caption sa wikang Tagalog, pinagbibintangan ang politiko ng katiwalian dahil sa diumanong lihim niyang pagbili ng isang eroplano gamit ang mga pangalan ng kaniyang mga anak. Ipinagpapalagay nito na dahil sa mga nasabing aksiyon, nalagay sa panganib ang kaligtasan at seguridad ng kaniyang pamilya. Nagtatapos ito sa pahayag na “Hindi ka namin pata[ta]himikin” na isinalin ng Meta bilang “We will hunt [you] down.”

Sa araw ding iyon, na-flag ng dalawang magkaibang Meta classifier ang content bilang posibleng may paglabag at ipinadala ito upang maipasuri sa mga tao. Tinatarget ng unang classifier ang pinaka-viral at posibleng lumalabag na content. Na-flag nito ang post bilang posibleng lumalabag sa patakaran sa Karahasan at Pambubuyo (Violence and Incitement). Na-flag ng ikalawang classifier ang content dahil sa mga senyales na nagsasaad ng posibleng kapahamakan sa kabataan at posibilidad na mag-viral ito. Hindi isinapriyoridad ang dalawang ulat upang maipasuri sa mga tao.

Pagkalipas ng dalawang araw, in-escalate ng policy team ng Meta ang content upang maipasuri sa subject matter expert. Hindi binigyan ng interpretasyon ng mga eksperto ang huling pahayag sa caption bilang banta ng karahasan. Sa halip, napagpasyahan nila na nilalayon ng mga salitang ito na “puksain ang katiwalian” na may uring tulad ng tinutukoy sa post. Kaya naman, ayon sa kongklusyon ng kompanya, hindi nilabag ng content ang patakaran sa Karahasan at Pambubuyo, dahil hindi naman nagpakita ang post ng alinman sa tuwirang pagbabanta ng matinding karahasan o palihim na pagbabanta. Nilinaw ng Meta na sa ilalim ng patakarang ito, iba-iba ang pagturing nila sa content na nagbabanggit ng salitang “hunting”, “dahil ang salitang hunting ay maaaring maipagpalagay na may layuning magsagawa ng karahasan pero maaari

ding wala itong intensiyong kapahamakan (na kasingkahulugan lang ng paghahanap ng isang bagay o isang tao).”

Isinaalang-alang din ng Meta na hindi nilabag ng post ang patakaran nito sa Pananakot at Panggigipit (Bullying and Harassment), dahil tinarget ng alegasyon ng krimen ang politiko bilang pampublikong opisyal, sa halip na isang pribadong tao, na pinapayagan ng Meta. Bilang resulta, hindi inalis ng Meta ang content sa Facebook. Pagkatapos ipasya ng kompanya na idulog ang kasong ito sa Board, kinumpirma ng mga subject matter expert para sa patakaran ng Meta na hindi nilabag ng post ang alinmang Pamantayan ng Komunidad.

Sa pagdulog ng kasong ito sa Board, ipinahayag ng Meta na binigyang-diin nito na mahirap tugunan ang content na naglalaman ng mga alegasyon ng katiwalian laban sa isang pampublikong opisyal - na isang paraan ng mahalagang pamamahayag ng usaping pampolitika - pero kung saan binanggit din ang kaniyang mga anak at may kasamang mga salitang puwedeng maipagpalagay na pagbabanta. Ayon pa sa Meta, “maaaring ipatanggal ng mga politiko ang ganitong uri ng content, partikular na kapag nabanggit ang mga miyembro ng kanilang pamilya” at “tumitindi ang mga alalahaning ito kapag ang mga miyembro ng pamilya ay mga batang menor de edad.” Gayunman, ipinahayag ng kompanya na “may mga idinudulog ding alalahanin mula naman sa kabilang panig, dahil interesado ang mga tao na talakayin ang hinihinalang katiwalian ng kanilang mga halal na opisyal, at ang ilan sa mga ito ay maaaring kinasasangkutan ng mga miyembro ng kanilang pamilya.”

Pinili ng Board ang kasong ito upang mapag-aralan ang mga tungkulin para sa mga karapatang pantao ng Meta sa pagpapanatili ng mga debateng nakabatay sa interes ng publiko tungkol sa pananagutan sa politika, lalo na kapag tinatalakay ang diumanong katiwalian ng mga halal na opisyal na kinasasangkutan ng mga miyembro ng kanilang pamilya (kabilang na rito ang kanilang mga anak na menor de edad), habang pinoprotektahan ang mga menor de edad laban sa posibleng pambubuyo, lalo na kapag tahasan silang binanggit o visual na inilarawan sa mga kontrobersiyal o mapanakit na konteksto. Nagbigay rin ang kasong ito ng pagkakataon para masuri ng

Board ang mga tungkulin ng Meta kapag nakatatanggap ito ng mga kahilingan mula sa mga politiko na tanggalin ang mga post na katulad nito. Napapailalim ang kasong ito sa [mga priyoridad](#) ng Board sa Eleksiyon at Pampublikong Larangan at Paggamit ng Pamahalaan sa mga Platform ng Meta.

Malugod na tatanggapin ng Board ang mga komento mula sa publiko tungkol sa sumusunod:

- Mga pamamaraan upang matiyak ang pamamahayag ng usaping pampolitika, kabilang na rito ang mga alegasyon ng katiwalian, kapag kinasasangkutan ito ng mga rhetorical na pagbabanta o pag-udyok ng karahasan, at kapag binanggit dito ang mga miyembro ng pamilya, lalo na ang mga menor de edad, na diumanong kasangkot sa mga nasabing paggawa ng katiwalian.
- Mga trade-off at pamamaraan sa pagprotekta ng mga karapatan ng mga bata at adolesente, lalo na kapag tahasan silang binanggit o visual na inilarawan sa mga kontekstong may kinalaman sa diumanong katiwalian ng kanilang mga magulang na mga pampublikong opisyal, na nagsasangkot sa mga bata at adolesente.
- Kung paano dapat pangasiwaan ng Meta ang mga kahilingan mula sa mga awtoridad sa pamahalaan at politiko na suriin o tanggalin ang mga post tungkol sa diumanong katiwalian ng mga politiko, na may mga rhetorical na pagbabanta o pag-udyok ng karahasan, at diumanong nagdadawit sa mga miyembro ng kanilang pamilya, lalo na sa mga menor de edad.
- Kung paanong pangkaraniwan na lang ang mga rhetorical na pagbabanta o pag-udyok ng karahasan sa diskursong pampolitika sa buong mundo, lalo na kapag tinatalakay ang mga alegasyon ng katiwalian laban sa mga politiko.
- Mga pananaw tungkol sa pagbibigay ng interpretasyon sa katagang “Hindi ka namin pata[ta]himikin” sa paraang literal o matalinghaga, partikular na sa konteksto ng pamamahayag ng usaping pampolitika.

Sa mga desisyon nito, puwedeng mag-isyu ang Board ng mga rekomendasyon sa patakaran sa Meta. Bagaman hindi mandatoryo ang pagpapatupad sa mga rekomendasyon, dapat sagutin ng Meta ang mga ito sa loob ng 60 araw. Dahil dito,

tumatanggap ang Board ng mga komento mula sa publiko na nagpapanukala ng mga rekomendasyong angkop sa kasong ito.